



Talahulugan ng Fair Trade USA

Fair Trade USA Glossary

Fair Trade USA

Bersyon 1.2.0

A. Layunin (Purpose)

Ang dokumentong ito ay nagbibigay ng kahulugan sa mga salita o terminolohiya na ginamit sa pamantayan ng Fair Trade USA, pamantayan sa pagsunod, at mga nauugnay na dokumento.

B. Saklaw (Scope)

Kung saan naaangkop, ang mga terminong ito ang iiral.

Tandaan na ang mga salitang malaki ang titik ay kapareho rin ng nasa Pamantayan. Kung saan ang mga salita ay partikular sa isa sa mga Pamantayan ng Fair Trade USA, ang mga terminong ito ay naka-braket na may ngalan ng Pamantayan na tinutukoy. Halimbawa, ang buffer zone ay partikular sa mga gawaing pang-agrikultura, kaya sa hulihan ng kahulugan, nakasulat ang [Tumutukoy sa APS]. Ang anumang nakasulat sa kulay abo ay tumutukoy sa termino o kahulugan mula sa dating Pamantayan at ito ay hindi na gagamitin bilang terminolohiya ng Fair Trade USA.

C. Mabilis na Sanggunian (Quick Reference)

A B C D E F G H I J K L M N O P Q R S T U V W X Y Z

Gamitin ang naka-hyperlink na titik upang mabilis na mahanap ang mga termino.



A

aktibong sangkap

Ang kemikal na sangkap o bahagi ng produktong pestisidyo na pumapatay, nagtataboy, umaakit, pina-gagaan o kung hindi man kinokontrol ang isang peste (kumpara sa mga *tinging na sangkap* gaya ng tubig, mga solvent, mga emulsifier, mga surfactant, luwad at mga propellant). [Tumutukoy sa APS]

Akuwakultura

Ang pagsasaka at/o pagkultura ng mga akuwatikong organismo, kabilang ang isda, molusko o lukan, krustasyano at mga halamang pantubig. Ang pagsasaka ay nagpapahiwatig ng interbensyon sa pangangalaga upang mapahusay ang produksiyon, gaya ng regular na pag-iistock, pagpapakain, pagprotekta laban sa mga mandaragit, atbp. Ang mariculture ay ang paglilinang, pamamahala at pag-ani ng mga organismo sa karagatan, lalo na sa mga itinayong pasilidad gaya ng mga kulungan, kural at mga long-line. Ang pagsasaka at mariculture ay nauukol din sa mga indibidwal o pag-aari ng korporasyon ng mga nililinang na stock. Para sa layuning pang-istatistika, ang mga organismong pang-akuwatika na inaani ng isang indibidwal o korporasyon na nagmamay-ari ng mga ito mula sa panahon ng pagpapalaki ay nakatutulong sa akuwakultura, habang ang mga organismong pang-akuwatiko na magagamit ng publiko bilang karaniwang mapagkukunan, na mayroon o walang angkop na lisensya, ay ani ng pangisdaan. [Tumutukoy sa CFS]

apela

Isang kahilingan ng May Hawak ng Sertipiko, rehistradong kasosyo, o aplikante para sa pormal na muling pagsasaalang-alang ng anumang desisyon na ginawa ng Conformity Assessment Body o Fair Trade USA na may kaugnayan sa katayuan ng sertipikasyon ng partido o anumang isyu na may kaugnayan sa marka ng sertipikasyon.

audit

Isang sistematiko, dokumentadong proseso upang mapatunayan ang mga tala, mga pahayag ng katotohanan, at/o ibang kaugnayang impormasyon at tinatasa ang mga ito nang objektibo upang matukoy ang lawak kung saan ang mga requirement ng pamantayan ay nasusunod.

audit, pagsusuri ng

Ang inisyal na audit ng Fair Trade USA na ginagawa ng auditor upang matukoy ang panimulang pagsunod sa pamantayang Fair Trade USA, at upang makapagbigay ng batayan para sa paggawa ng desisyon sa sertipikasyon.

audit, follow-up

Isang audit kasunod ng pagsusuri ng audit o surveillance audit upang suriin ang pagpapatupad at pagiging epektibo ng mga pagwawasto.



audit, muling pagsertipika

Ang audit na isinagawa ng auditor kada tatlong taon upang matukoy ang tuloy-tuloy na pagsunod sa pamantayan ng Fair Trade USA at upang makapagbigay ng batayan upang panatilihin ang sertipikasyon.

audit, surveillance

Ang audit ng May Hawak ng Sertipiko upang masiguro ang pagsunod sa mga naaangkop na pamantayan ng Fair Trade USA at pamantayan ng pagsunod, na nagaganap sa pagitan ng pagsusuri ng audit at audit para sa muling pagsesertipika at mga kailangan upang panatilihin ang sertipikasyon.

audit, hindi ipinabatid

Isang audit na ginaganap na walang paunang abiso upang tasahin ang pagsunod sa pagitan ng nakatakdang mga audit sa isang karaniwang araw.

audit, semi-announced

Isang audit na ginaganap sa loob ng napagkasunduang panahon, halmbawa 15 o 30 araw, upang tasahin ang pagsunod sa pagitan ng nakatakdang audit sa karaniwang araw. [Tumutukoy sa Factory Standard]

audit, ulat ng

Isang ulat na ginawa ng nakatalagang auditor at ibinibigay sa entity pagkatapos ng audit. Idinidetalye ng ulat ang mga natuklasan, kabilang ang mga hindi pagsunod, na nakalista sa Corrective Action Plan ng entity.

auditor

Isang indibwal na sinanay at kwalipikadong mag-audit sa mga pamantayan ng Fair Trade USA. Siya ay itinalaga ng at kumakatawan sa Fair Trade USA na inaprubahan ng Audit Body o Conformity Assessment Body.

B**bata**

Ang sinumang tao na wala pang 15 taong gulang, maliban kung ang pinakabatang edad para sa trabaho o sapilitan na pag-aaral ay itinakda bilang mas mataas sa lokal na batas, kung saan ang mga itinakda na mas mataas na edad ay naaangkop sa lugar na iyon.



broker

Isang partido na nagsisilbing ahente para sa iba, halimbawa sa mga kontrata sa pakikipag-ayos, pamimili, o pagbebenta, na may kapalit na bayad o komisyon. Ang isang broker ay walang pinansyal na pagmamay-ari sa produkto. [Tumutukoy sa Trade]

buffer zone

Maliliit na lugar o piraso ng lupa sa permanenteng halamanan, ginawa upang maging harang o pangontra sa mga pollutants at pamahalaan ang ibang problemang pangkalikasan. Kabilang sa mga buffer zone ang mga lugar na malapit sa mga gilid ng mga protektadong lugar o inaalagaang lugar, mga transition zone sa pagitan ng mga lugar na pinamamahalaan ng magkakaibang layunin o lugar sa dulo ng mga protektadong lugar na may mga kontrol sa paggamit ng lupa at pinahihintulutan lamang ang mga aktibidad na katugma sa proteksyon ng pangunahing lugar. [Tumutukoy sa APS]

bycatch na mga uri (syn.: hindi sinasadyang huli/uri)

Mga uring hindi sinasadyayng mahuli kasama ng mga tinarget na uri (pangunahin o pangalawang uri) at hindi itinatabi (itinapon). Kabilang dito ang mga mammal, seabird, mga reptilya at lahat ng itinapong uri na itinuring na Nanganganib o Protektado. Ang mga bycatch na uri ay karaniwang ibinabalik sa dagat nang patay na o mamamatay na. [Tumutukoy sa CFS]

C

catch data (syn.: fishery-dependent data)

Mga datos na nilikom sa pangisdaan mula sa mga mangingisda at mga mangangalakal ng lamang dagat. Kabilang sa mga karaniwang pamamaraan ay ang mga logbook, trip ticket, port sampling, mga tagamasid sa pangisdaan, at pagsisiyasat gamit ang telepono. (NOAA Fisheries Glossary). [Tumutukoy sa CFS]

Catch-Per-Unit-Effort (CPUE) (syn.: catch rate o antas ng huli)

Ang dami ng isdang nahuli (sa bilang o sa timbang) sa isang kinikilalang yunit ng pangingisda. Halimbawa, ang bilang ng isda sa bawat 1,000 kawil bawat araw, o timbang ng isda, sa tonelada, kinuha sa bawat oras ng pamamalakaya. Ang CPUE ay madalas na itinuturing na isang index ng biomass ng isda (o kasaganaan). Minsan, ito ay tinutukoy na catch rate o antas ng huli. Maaaring gamitin ang CPUE bilang sukatan ng pang-ekonomiyang kahusayan ng pangingisda at isang index ng kasaganaan ng isda. (Blackhart et al., 2006) [Tumutukoy sa CFS]

cycle ng sertipikasyon

Ang panahon mula sa inisyal na sertipikasyon hanggang sa muling sertipikasyon, o mula sa muling sertipikasyon hanggang sa susunod na muling sertipikasyon. Ang cycle ng sertipikasyon ng Fair Trade USA ay tatlong taon.



Collective Bargaining Agreement (CBA)

Isang nakasulat na kasunduan kung saan nakasaad ang mga tuntunin at kundisyon ng pagtatrabaho sa pagitan ng employer o grupo ng mga employer at isa o higit pang mga entity ng manggagawa.

co-management

Isang kasunduan ng pagsosyo na kung saan ang gobyerno, ang komunidad ng mga mangingisda, mga panlabas na ahente (mga non-government organization, mga institusyon ng pananaliksik), at minsan ibang mga resource stakeholder ng pangisdaan at baybayin (mga may-ari ng bangka, mangangalakal ng isda, mga ahensyang nagpapa-utang o nagpapahiram ng pera, industriya ng turismo, atbp) ay magkabahagi sa responsibilidad at awtoridad sa pagdedesisyon sa pamamahala ng isang pangisdaan.

Ang co-management ay kadalasang nagreresulta sa pagbabahagi o paghahati ng kapangyarihan sa pamamahala ng mga pantustos sa pagitan ng isang gobyerno at komunidad o samahan ng mga stakeholder, at maaaring magbigay ng benepisyong “mas angkop, mas mahusay, at mas pantay na pamamahala” kaysa sa karaniwang pamamaraan na naka-sentro sa gobyerno. (Berkes et al., 2001) [Tumutukoy sa CFS]

composite products

Mga produktong ginawa (pinroseso/semi-processed) at binubuo ng mahigit sa isang sangkap (halimbawa, tsokolate, mga natutunaw na kape, banilya na soymilk, chai tea concentrate, atbp.). Isa o higit pang sangkap ay maaaring hindi kasalukuyang Fair Trade Certified.

Conformity Assessment Body (CAB)

Isang kinikilalang entity ng third party na responsable sa pagbibigay ng independiente at walang kinikilingang serbisyo ng audit upang suriin ang pagsunod ng mga aplikante o May Hawak ng Sertipiko sa mga kaugnay na pamantayan ng Fair Trade USA at pamatayan ng pagsunod. Ang Conformity Assessment Body ay gumagawa ng mga desisyon sa pagsesertipika sa kliyente at maaaring magbigay ng sertipiko kung ito ay sumusunod.

Corrective Action Plan (CAP) (syn.: Performance Improvement Plan)

Isang plano na inihanda ng May Hawak ng Sertipiko at isinumite sa Conformity Assessment Body o Fair Trade USA bilang sagot sa (mga) hindi pagsunod na ibinahagi ng auditor. Inilalarawan ng CAP ang mga pagwawasto at preventive na mga aksyon na isasagawa sa loob ng takdang panahon.

cut-make-trim (CMT)

Ang masinsinang proseso ng paggawa ng kasuotan mula sa tela. Ang tela ay ginugupit, tinatahi (ginawa), at ang natapos na produkto ay pinalamutian at pinantay. [Tumutukoy sa Factory]



D

desisyon sa pagsertipika

Ang proseso sa pagtukoy kung ang May Hawak ng Sertipiko o aplikante ay may sapat na pagsunod sa mga kaugnay na mga requirement ng pamantayan ng Fair Trade USA upang mapagkalooban ng sertipiko. Ang desisyon ay ginagawa ng Conformity Assessment Body o kwalipikadong teknikal na tauhan ng Fair Trade USA batay sa pag-aaral ng mga ulat ng audit at lahat ng ebidensya na isinumite, kabilang na ang Corrective Action Plan na nagresulta mula sa anumang mga hindi pagsunod na naiulat.

di-pagsunod (NC) (syn.: non-conformity (NC))

Mga finding sa audit na ang isang entity ay hindi nakatutugon sa isa o higit pa na (mga) requirement ng Pamantayan ng Fair Trade USA at ng pamantayan sa pagsunod. Ang mga NC ay dapat matugunan ng mga Corrective Action Plan at maitama sa loob ng itinakdang panahon ng Conformity Assessment Body o Fair Trade USA.

E

epektibong pamamahala

Ang pamamahala oistratehiya sa pagpapagaan ay tinutukoy bilang “*epektibo*” kung a) mayroon istrategiya na may malinaw na layunin sa pamamahala upang masiguro na mapananatili ang pagiging produktibo ng stock, b) ang mga layunin ng pamamahala ay sapat upang mapanatili ang istraktura at tungkulin ng apektadong ecosystem sa pangmatagalan, c) may proseso ng pagsubaybay ng pagpapatupad ng mga istrategiya, at d) may siyentipikong ebidensya na ang mga layunin ng pamamahala at istrategiya ay natutugunan. (MBA, 2016). [Tumutukoy sa CFS]

employer

Ang sinumang indibidwal o entity na namamahala o namumuno sa mga manggagawa sa ilalim ng ipinahayag o ipinahiwatig na kontrata at siya ay responsable sa pagbabayad ng sahod ng mga manggagawa. Kabilang dito ang mga kontratista.

Ex Works (EXW)

Isang sanggunian sa mga tuntunin na tinutukoy sa pag-dedeliwer. Sa ilalim ng mga tuntunin na ito, ang nagbebenta ay idinedeliwer ang kanilang bahagi ng kontrata kung ang mga kalakal ay nasa kanila na, alin man sa lugar ng nagbebenta o ibang lugar na tinukoy (pabrik, bodega, atbp). Ang na-deliver na kalakal ay hindi pang-export at hindi isinasakay sa anumang sasakyang panghakot. Sa konteksto ng Capture Fisheries Standard, ang presyo ng ex works ay katumbas ng presyo ng ex-vessel.



F

Fair Trade Adjustment

Ang Fair Trade Adjustment ay katumbas ng pagkakaiba sa pagitan ng kailangang FTMP at ng unang presyo na binayaran ng Conveyor. Responsable ang mga Fair Trade Price Conveyor sa pagpasa ng Fair Trade Adjustment sa sertipikadong magsasaka. Ito ay naaangkop sa mga kaso ng retro-certification, mga inangkat na benta, at sa ilang kalakal tulad ng cocoa. [Tumutukoy sa Trade]

Fair Trade Agreement

Ito ay nakasulat na kasunduan na tinutukoy ang operasyon ng programa ng Fair Trade USA at ang mga tungkulin at responsibilidad ng Fair Trade Price at/o Nagbabayad ng Premium at Conveyor sa producer. [Tumutukoy sa Trade]

Fair Trade Certified Seal at Gabay sa Paggamit ng Wika (SUG)

Gabay sa paggamit ng Fair Trade Certified™ label artwork at wika ng mga awtorisadong may lisensya kaugnay ng mga produkto na Fair Trade Certified, kabilang ang mga label ng produkto, packaging at mga materyal sa lugar ng pagbenta.

Fair Trade Committee (FTC)

Ang grupo ng kinatawan na binubuo ng mga demokratikong nahalal na kinatawan ng mga tumatanggap ng Fair Trade Premium (minsang ay tinatawag na mga Premium Participants). Ang FTC ang responsable sa pamamahala, pamumuhunan, paggasta, at pag-uulat ng Fair Trade Premium sa ngalan ng at sa pakiki-konsulta sa mga Premium Participant. Tingnan din ang Premium Participants at Pangkalahatang Pagtitipon.

Sa ilalim ng Capture Fisheries Standard, ang FTC ay responsable rin sa pakikipagtrabaho sa May Hawak ng Sertipiko at Rehistradong Mangingisda upang masiguro ang epektibong pagpapatupad ng Capture Fisheries Standard.

Fair Trade Conveyor

Anumang entity na tumatanggap ng Presyo ng Fair Trade at/o Premium mula sa Nagbabayad sa Fair Trade at responsable sa pagpasa ng Fair Trade Adjustment at/o halaga ng Premium sa sertipikadong magsasaka at/o Fair Trade Committee nang naaayon. [Tumutukoy sa Trade]

Fair Trade ID

Isang natatanging numero ng pagkakakilanlan na itinalaga para sa May Hawak ng Sertipiko ng Fair Trade USA. Ang pangunahing layunin ng numerong ito ay para sa recordkeeping ng Fair Trade USA.



Fair Trade Premium (syns.: Community Development Premium, Premium)

Ang pera na ibinabayad sa isang grupo ng manggagawa, mga maliliit na magsasaka at/o mga mangingisda (ang mga Fair Trade Premium Participant) higit sa gastos o halaga ng produktong Fair Trade Certified. Ang Fair Trade Premium ay ibinabayad sa bawat dami ng produktong nabebenta sa tuntunin ng Fair Trade at nag-iiba sa bawat produkto, kalidad at/o rehiyon ng produksiyon. Depende sa Pamantayan at produkto, ang paggamit ng Fair Trade Premium ay limitado sa pamumuhunan sa negosyo at kabuhayan ng magsasaka, sa pagpapa-unlad ng socio-economic na katayuan ng mga magsasaka at/o manggagawa at kanilang komunidad, at/o para sa mga pagpapabuti sa kapaligiran. Ang paggamit ng Fair Trade Premium ay demokratikong pinagpapasyahan ng mga magsasaka, mangingisda at/o manggagawa, na tinukoy sa nauugnay na pamantayan.

(mga) Fair Trade Premium Participants

Ang grupo ng mga manggagawa, maliliit na magsasaka, at/o mangingisda na karapat-dapat maghalal ng isa o higit pang mga Fair Trade Committee upang mamahala sa paggamit ng Fair Trade Premium.

Fish Aggregating Device (FAD)

Isang permanente, semi-permanent, o hindi permanenteng istraktura o gamit gawa mula sa anumang materyal na ginagamit sa pang-akit ng isda. [Tumutukoy sa CFS]

Fishery Improvement Project (FIP)

Isang pagsisikap ng multistakeholder upang matugunan ang mga hamon sa kapaligiran ng pangisdaan. Ang isang Fishery Improvement Project ay maaaring Basic o Komprehensibo tulad ng nilinaw sa Guidelines for Supporting Fishery Improvement Projects, na isinulat ng Conservation Alliance for Seafood Solutions. Kikilalanin ng Fair Trade USA ang FIP bilang kapantay ng Fishery Management Plan na kailangan sa CSF, hangga't tinutugunan nito ang mga requirement. [Tumutukoy sa CSF]

Fishery Management Plan (FMP)

Isang dokumento na inihanda para sa pamamahala ng isang pangisdaan. Kabilang dito angistratehiya kasama ang mga kailangang progreso sa paglipas ng panahon upang matagumpay na makamit ang sapat na pamamahala ng stock. Maaaring kabilang sa plano ang datos ng pangisdaan at ecosystem na kokolektahin, pag-aaral na gagawin, mga aksyon na kailangan para maipatupad at pagsunod sa FMP, mga panukala sa pamamahala, mga partido o indibidwal na responsable sa pagpapatupad ng FMP. Ang FMP ay hindi kailangang maging isang stand-alone na dokumento, ito ay maaaring bahagi ng mas malaking framework ng pamamahala (halimbawa, mga hakbangin ng gobyerno, mga pang-rehiyon na plano ng pamamahala, mga FIP, atbp). [Tumutukoy sa CFS]



Fishing Association (FA)

Isang organisasyon na demokratikong pinatatakbo na kinakatawan ang mga pananaw ng Rehistratong mga Mangingisda sa mga usaping nakaapekto sa kanilang pangingsda, kabilang ang mga requirement ng CFS, mga batas at regulasyon na namamahala sa pangisdaan, at mga imprastratura na kaugnay sa pangisdaan. Sa pamamagitan ng FA, nakikipag-ugnayan ang mga miyembro ng kanilang mga pananagutan sa pamamahala ng mga ng mapagkukunan ng mga magagamit, kaligtasan sa sasakyang pandagat at ugnayan sa mga mamimili. Maaaring magsama ang FA ng iba pang miyembro bukod sa mga Rehistradong Mangingisda. Halimbawa, mga kapitan ng mga tender vessel o transfer vessel na nagbibiyaheng mga isda papunta at mula sa daungan na nakikipagtulungan sa mga mangingisda ng Fair Trade USA, at nasa parehong komunidad. Maaaring angkop din na isama ang mga asawa ng mga miyembro, mga siyentipiko sa pangisdaan, at kawani mula sa mga lokal na non-profit na organisasyon sa FA, alinman sa pormal o impormal na paraan. [Tumutukoy sa CFS]

fishing effort (syn.: effort)

Ang dami ng kagamitan sa pangingsda para sa isang partikular na uri na ginagamit sa pangingsda sa ibinigay na oras (hal., oras ng pamamalakaya kada araw, bilang ng nailagay na kawil kada araw, o bilang ng nahakot mula sa lambat kada araw) (Blackhart et al., 2006). [Tumutukoy sa CFS]

Free on Board (FOB)

Kapag ang nagbebenta ay nag-deliver ng kalakal nang lampas sa barandal ng barko sa pinangalanang daungan ng kargamento. Mula sa puntong iyon pasulong, ang mamimili ang kakargo sa lahat ng bayarin at peligro sa pagkawala o pinsala sa mga kalakal. Sa ilalim ng tuntinin ng FOB, ang nagbebenta ang kailangan mag-clear ng mga kalakal na pangluwas.

G

ganap na gulang (syn.: ganap na)

Tumutukoy sa kakayahan, sa katampatan, ng isda sa ipinagpapalagay na edad o laki upang magparami. Ang impomasyon sa ganap na gulang, sa porsiyento ng ganap na sa edad o laki, ay kadalasang ginagamit sa pagkalkula ng potensyal sa pangangitlog. (Blackhart et al., 2006). [Tumutukoy sa CFS]

H

habitat

Ang lugar kung saan naninirahan ang mga pandagat na uri, kabilang ang lahat ng nakapaligid at nakaapekto sa anumang bahagi ng buhay nito: hal., kalidad ng tubig; ilalim; mga halaman; kaugnay na mg uri (kabilang na ang mga supply ng pagkain). (FAO, n.d.). [Tumutukoy sa CFS]



halaga ng ex-vessel (syns.: dockside value, landed value, gross landed value)

Isang panukat ng halaga sa pera ng mga komersiyal na dumaong, karaniwang kinakalkula bilang presyo bawat timbang para sa unang benta ng dumaong na mga isda at i-multiply sa kabuuang timbang ng dumaong. [Tumutukoy sa CFS]

hinaing

Ang isang isyu na ipinaabot ng isang manggagawa sa pamamagitan ng panloob na channel sa kanilang pinagtatrabahuhan, hal., sa pamamagitan ng suggestion box, berbal, o sa pagsulat sa superbisor, departamento ng Human Resources, isang unyon, o kinatawan ng manggagawa.

hindi tapos na produkto

Isang lisensyadong produkto sa saklaw ng sertipikong Fair Trade USA na hindi pa maaaring kainin o gamitin.

homeworker

Isang indibidwal na kinontrata upang magtrabaho offsite, sa kanilang bahay, isang gusaling tirahan, o lugar sa kanilang komunidad, kadalasan ay batay sa bawat order. Ang produkto ay dinadala sa o kinukuha ng kumpanyang kumontrata. [Tumutukoy sa Factory Standard]

human trafficking

Ang pagkuha, pagbiyahe, paglipat, pagkukup o pagtanggap ng isang tao sa pamamagitan ng pananakot o pagpilit o sa ibang paraan ng pamimilit, pagdukot, pandaraya o panloloko para manamantala.

I

Illegal, Unreported, and Unregulated Fishing (IUU)

Lahat ng pangingsda na 1) lumalabag sa lokal, pambansa, o internasyonal na batas, 2) kulang ang ulat, mali ang ulat, o hindi naiulat kung saan ang pag-uulat ay ligal na kailangan, at/o 3) itinuturing na iligal ngunit nangyayari sa hindi abot ng batas at regulasyon ng pangisdaan gaya ng sa mga kalautan ng dagat. [Tumutukoy sa CFS]

inangkat na benta

Isang kasunduan kung saan ang mga produkto ay ibinebenta ng umangkat sa ngalan ng gumawa o tagaluwas. Ang umangkat ang nagbebenta ng produkto, kapalit nito ang pagtanggap ng porsiyento ng kita mula sa mga pinagbentahan. [Tumutukoy sa Trade]



incoterms

Ang kinikilalang internasyonal na mga tuntunin sa kalakalan na tinukoy ng International Chamber of Commerce (ICC) na karaniwang ginagamit sa mga kontrata sa pagbebenta ng mga kalakal. Ang mga incoterm ang nagdedetalye ng mga pagsalin ng mga kalakal mula sa nagbebenta papunta sa mamimili at binabalangkas kung sino ang responsable sa bawat magagastos sa prosesong ito. Ang mga Fair Trade Price at Premium ay laging nakatakda sa tinukoy na antas ng incoterm.

indicator

Isang qualitative o quantitative na panukat na ginagamit ng Fair Trade USA upang sukatin ang mga nagawa o ang progreso tungo sa mga nilalayong mga resulta.

Integrated Pest Management (IPM)

Isang proseso ng pagdedesisyon na batay sa siyensya na tinutukoy at binabawasan ang peligro mula sa peste at mga kaugnay na istrategiya sa pamamahala ng peste. Ang IPM ay pinag-uugnay ang paggamit ng biyolohiya ng peste, impormasyon sa kapaligiran, at mga magagamit na mga teknolohiya upang maiwasan ang mga di-katanggap-tanggap na antas ng pinsala ng peste sa pinakamatipid na paraan, habang nagbibigay ng pinakamaliit na posibleng peligro sa tao, ari-arian, kabuhayan, at kapaligiran. [Tumutukoy sa APS]

Internal Management System (IMS) (syn.: Management System, Internal Control System)

Isang pamamaraan ng pagsubaybay at pagkontrol, gaya ng mga dokumentadong alituntunin ar proseso, na ipinatutupad ng May Hawak ng Sertipiko upang masiguro ang pagsunod sa kaugnay na pamatayan ng Fair Trade USA. Ang IMS ay nakatuon sa mga bahagi kung saan may mga hamon at oportunidad kaugnay sa pagsunod sa mga requirement ng Fair Trade USA.

isda

Ang isang kolektibong termino na kinabibilangan ng anumang uri ng akuwatikong hayop o sub-species (pandagat, tubig-tabang, at estuarine) na hayop o halaman. Hindi kasama ang mga mammal, seabird, o reptilya. [Tumutukoy sa CFS]

K

kabataang manggagawa

Isang indibidwal na lampas sa edad ng ligal na pagtatrabaho ngunit mababa sa edad na 18 (o mababa sa edad ng ligal na karampatang gulang, kung iyon ay mataas sa 18).



kapitan

Ang linsensyadong mangingisda na may kapangyarihang magmando ng sasakyang pandagat. Ang kapitan ang may responsibilidad sa kaligtasan ng mga nakasakay na tripulante at ang ligtas na pagpapatakbo ng sasakyan. (Mula sa ILO C188 definition para sa 'skipper'.) [Tumutukoy sa CFS]

karaniwang produkto

Isang produkto na hindi sertipikadong organiko upang ibenta sa bansang pinagbebeentahan.

kasunduan sa pagbabayad

Mga kondisyon kung saan naisasagawa ang pagbenta. Nakasaad sa kasunduan sa pagbabayad ang petsa ng pagbabayad at paraan ng pagbabayad (hal., tseke, bank transfer). Kung saan naaangkop, kabilang din dito ang anumang pag-aayos ng pangalawang pagbabayad, gaya ng pag-aayos sa kinalkula para sa mga produktong Fair Trade Certified na may mga pinakamababang presyo.

Kasuotan at Gamit sa Bahay

Ang kategorya ng produktong Fair Trade USA na kabilang ang damit, sapatos, mga dagdag na gamit, dekorasyon sa bahay gaya ng mga kumot, alpombra, at muwebles. Ang mga Pamantayang Pampabrika at mga Gamit sa Bahay na Kalakalan ay naaangkop sa kategoryang ito.

kontrata

Isang umiiral na kasunduan sa pagitan ng dalawa o higit pang mga partido na maaaring ipatupad ng batas.

kontratang walang napagkasunduang presyo

Isang kontrata para sa mga darating na produkto na kung saan ang presyo ng ibinebenta ay hindi pa napagkasunduan sa panahon ng pirmahan, kundi sa mga darating na araw pa. [Tumutukoy sa Trade]

kontratista

Isang tao, korporasyon, o ahensya, na may upa, ay nag-eempleyo ng mga manggagawa upang magtrabaho para sa o sa ilalim ng pamamahala ng isang third party. Sila ay responsable sa pagbabayad ng sahod ng mga manggagawa, at maaari ring kumuha, mangasiwa, magbibigay ng matutuluyan, o transportasyon para sa mga nasabing manggagawa. Tingnan din ang recruiter.

L

lamang dagat

Isang pangkalahatang temino na kabilang ang anumang uri o sub-species ng mga lamang dagat bilang pagkain. [Tumutukoy sa CFS]



letter of intent (LOI)

Isang sulat na ibinibigay ng mga Mamimili ng Fair Trade o Nagbabayad sa Fair Trade sa mga magsasakang Fair Trade Certified. Naglalaman ito ng buod ng mga potensyal na dami na maaaring bilhin sa kasalukyang taon o panahon, pati na rin ang kalidad, bayad, at tuntunin ng pagdedeliver. [Tumutukoy sa Trade]

ligaw na pag-aani

Koleksiyon ng mga halaman, materyales ng halaman, o lamang dagat mula sa mga hindi nalinang na mga lugar [Pertains to APS and CFS]

ligaw na pangisdaan

Ang pangisdaan na nanghuhuli ng mga ligaw na mga lamang dagat. Hindi kabilang dito ang mga isda na nilinang sa pamamagitan ng akuwakultura o mga proseso ng pagsasakang pandagat o pinahusay na pangisdaan. [Tumutukoy sa CFS]

limit reference point

Tinutukoy ang hangganan kung saan ang estado ng pangisdaan at/o ang pinagkukunan ay hindi itinuturing na kanais-nais o mapananatili. Ang pagpapaunlad ng pangisdaan ay dapat itigil bago maabot ito. Kung ang limit reference point ay hindi sinasadyang maabot, dapat ipatigil ng pamahalaan ang pagpapaunlad ng pangisdaan, kung naaangkop, at dapat may gawing corrective action. Ang mga programa para sa stock rebuilding ay dapat isaalang-alang ang limit reference point bilang pinakamababang rebuilding target na maabot bago pa luwagan ang mga hakbang sa rebuilding o muling buksan pangisdaan. (FAO, n.d.) [Tumutukoy sa CFS]

lisensyadong kasosyo (syn.: may lisensya)

Isang kumpanya na lisensyado ng Fair Trade USA upang gamitin ang Fair Trade Certified™ na label artwork, wika ng label, at marka ng sertipikasyon.

Listahan ng mga Ipinagbabawal at Kontroladong Pestisidyo

Ang mga patakaran kung saan nako-kontrol ang paggamit ng mga mapanganib na pestisidyo sa mga pananim na Fair Trade Certified. Kabilang dito ang Red List na mga ipinagbabawal na aktibong sangkap na kahit kailan ay hindi maaaring gamitin sa mga pananim na Fair Trade Certified, at ang Yellow List ng kontroladong aktibong sangkap na maaari lamang gamitin kapag nasusunod ang karagdagang mga gawi sa pagpapagaan na nakabalangkas sa listahan. [Tumutukoy sa APS]



lugar

Isang natural na pag-grupo ng isa o higit pa na mga gusali, sakahan, daungan o pasilidad ng pagpoproseso na may parehong tauhan na maaaring nagtatrabaho sa magkakaibang lugar na may magkakaibang mga gawain, kahit na hindi sila magkasamang nagtatrabaho. Kabilang dito, halimbawa, isang bakuran ng mga gusali na may iisang pasukan/pintuan.

M

makabuluhang bilang ng tripulante o manggagawa

Sa konteksto ng Capture Fisheries Standards, sa barko o sa baybayin, ang ibig sabihin ng 'makabuluhang bilang' ay higit sa limang bagong tripulante sa kahit anong oras. Sa pasilidad ng pagpoproseso, ang ibig sabihin ng 'makabuluhang bilang' ay higit sa limang permanenteng manggagawa o kabuuang 20 manggagawa sa kahit anong oras. [Tumutukoy sa CFS]

magsasaka

isang panlahatang termino na tumutukoy sa isang entity na nag-aani, naglilinang, o gumagawa ng mga produkto na pagkatapos ay ikinakalakal, alinman sa bago o pagkatapos i-proseso.

mangangalakal

Tinutukoy ng mangangalakal ang alinmang entity na bahagi ng saklaw ng Trade Standard.

mangingisda

Isang tao (babae o lalaki) na nanghuhuli o kumokokolekta ng lamang dagat. Hindi kabilang dito ang mga nagpoproseso ng lamang dagat o mangangalakal. Kabilang sa mga mangingisda ang kapitan ng bangka, at maaaring mga suwelduhang indibidwal o mga kumikita batay sa bahagi ng huli (*payment share*). [Tumutukoy sa CFS]

manggagawa

Ang pangkalahatang termino na itinatawag sa mga tao na nagtatrabaho sa o para sa mga entity na kabilang sa saklaw ng sertipiko, sila man ay permanente o hindi, nagtatrabaho ng full time or part time, o direktang kinuha sa pamamagitan ng kontratista. Hindi kabilang dito ang mga middle at senior na pamahalaan, at kadalasan ay kabilang lamang ang mga tauhang maaaring sumapi sa unyon. Sa konteksto ng Capture Fisheries Standard, ang mga manggagawa ay yaong mga indibidwal na nagtatrabaho sa lupa at mga pasilidad ng pagpoproseso at/o mga daungan; sila ay palaging may sahod.



mapanganib na materyal (syn.: mapanganib na kemikal, mapanganib na pestisidyo)

Isang material na may banta nang malaking peligro sa kalusugan ng tao o kapaligiran kung hindi maayos na napamahalaan, nagamit, naimbak, o naitapon. Kabilang dito, ngunit hindi limitado sa, anumang kemikal na may label na *danger o panganib* or may marka ng bungo at naka-ekis na buto o may kulay pula.

Market Access Partner (MAP)

...tingnan ang 'May Hawak ng Sertipiko'

mass balance

Isang sistema ng traceability kung saan ang sertipikado at hindi sertipikadong produkto ay magkalaho, at ang dami ay kontrolado na kung saan ang dami ng ipinagbibiling sertipikado ay katumbas ng dami ng sertipikadong produkto na pumapasok sa operasyon.

Maximum Sustainable Yield (MSY)

Ang pinakamataas na theoretical equilibrium na ani na maaaring patuloy na makuha (sa katampatan) mula sa stock sa ilalim ng kasalukuyang (katampatan) kondisyon ng kapaligiran na hindi makahulugang naapektuhan ang proseso ng pagpaparami (FAO, 2014). [Tumutukoy sa CFS]

May Hawak ng Sertipiko (CH)

Ang ligal, sertipikadong entity na producer na may hawak ng sertipiko ng Fair Trade USA. Ang producer na May Hawak ng Sertipiko ay responsable sa pagsiguro ng pagsunod sa mga pamantayan ng produksyon, at hindi maaaring tao, kundi isang kumpanya o ligal na entity. Tingnan ang *May Lisensya* para sa detalye tungkol sa kahalintulad na entity na humahawak ng Trade Certificate.

May Lisensya

Ang mangangalakal na lumagda sa isang kasunduan sa pagbibigay ng lisensya sa Fair Trade USA bilang isang Nagbabayad ng Fair Trade Price at/o Premium, Conveyor, tagaangkat, tagaluwas, tagapamahagi, tagagawa at/o isang brand. Ang May Lisensya ay isang sertipikadong legal na entity na nagmamay-ari ng Trade Certificate na ibinigay ng Fair Trade USA. Dating tinutukoy ang isang May Lisensya bilang isang 'May Hawak ng Trade Certificate.' Ini-update ang salitang ito upang malinaw na ibigay ang pagkakaiba sa pagitan ng magsasaka na May Hawak ng Sertipiko at isang May Lisensya. Tingnan ang *May Hawak ng Sertipiko* para sa kahalintulad na entity na taglay ng mga pamantayan sa produksyon ng Fair Trade USA. [Tumutukoy sa Trade]



migranteng manggagawa

Isang di-permanenteng manggagawa na ang permanenteng tirahan ay malayo at hindi kaya nang araw-araw na pagbiyahe papunta sa lugar ng trabaho. Ang migranteng manggagawa ay maaaring lokal (hal., pansamantalang naninirahan malayo sa kanyang permanenteng tirahan, ngunit sa parehong bansa) o internasyonal.

mother vessel

Tingnan ang transfer vessel. [Tumutukoy sa CFS]

multiple ingredient product (syn.: multi-ingredient product)

Isang natapos na produkto na binubuo ng higit sa isang sangkap. [Tumutukoy sa Trade, Gabay sa Paggamit ng Label at Wika]

manggagawang may Fixed-term na kontrata

Mga kinuhang manggagawa para sa tiyak na panahon na mahaba sa siyam na buwan na napagkasunduan at nakasaad sa kontrata sa trabaho. Ang mga manggagawang may fixed-term na kontrata ay tumatanggap ng lahat ng benepisyo gaya ng permanenteng manggagawa ngunit ang kanilang pagtatrabaho ay maaaring itigil o i-renew pagkatapos ng kontrata. [Tumutukoy sa Factory Standard]

N

nabagong produkto

Isang produktong binago o iniba ng taga-proseso o gumagawa.

nagbebenta/tagabenta

Ang operator na nagbebenta ng mga sertipikadong produkto. [Tumutukoy sa Trade]

Nagbabayad sa Fair Trade

Ang mamimili na responsable sa pagbabayad ng Fair Trade Premium at, kung saan naaangkop, ang pinakamababang Presyo ng Fair Trade, Relevant Market Price, o ang napagkasunduang komersyal na presyo. Ang Nagbabayad sa Fair Trade ay maaaring tagaluwas, taga-angkat, o marka depende kung saan nakatakda ang Fair Trade Price at Premium. [Tumutukoy sa Trade]

Nagbabayad ng Fair Trade Premium

Ang Nagbabayad ng Fair Trade Premium ay ang entity na responsable sa pagbabayad ng Fair Trade Premium. Maaaring ang Nagbabayad ng Fair Trade Premium ay ang tagaluwas,



tagaangkat, o brand depende sa kung saan nakatakda ang Fair Trade Premium. Kung minsan, ang Fair Trade Price at mga Nagbabayad ng Premium ay parehong entity at kung minsan ay magkahiwalay na entity. [Tumutukoy sa Trade]

Nagbabayad ng Fair Trade Price

Ang Nagbabayad ng Fair Trade Price ay ang entity na responsable sa pagbabayad ng Pinakamababang Fair Trade Price o kaugnay na market price, alinman ang naaangkop ayon sa Fair Trade USA Price at Premium Database. Maaaring ang Nagbabayad ng Fair Trade Price ay ang tagaluwas, tagaangkat, o brand depende sa kung saan nakatakda ang Fair Trade Price at Premium. [Tumutukoy sa Trade]

nanganganib at protektadong mga uri

Isang uri ng hayop o halaman na may peligro ng pagkalipol. Ang pakakategorya ng mga uring ito ay maaaring mahanap sa national endangered species list, sa IUCRN Red List, o CITES convention. Sa pandagat na sistema, ang mga uri ay kinikilala ng pambansang batas at/o mga umiiral na internasyonal na kasunduan na kung saan kasama ang mga nasasakupan na namamahala sa pangisdaan sa ilalim ng pagtatasa. Kabilang dito ang mga listahan ng pambansang nanganganib na uri maliban kung maipakita na ang partikular na stock ng nakalistang uri ng pagtatasa ng pangisdaan ay hindi nanganganib. Ang mga nanganganib at protektadong uri ay hindi maaaring maging Fair Trade Certified USA. [Tumutukoy sa APS, CFS]

natapos na produkto

Isang sertipikadong produkto na nakumpleto lahat ng paggawa at pagproseso at handa nang ibenta o ipamahagi sa end-user sa sector ng tingian o sa sektor ng restawran/food service.

(mga) non-target na uri

Ang mga uri ng hayop na kung saan ang panghuli ay hindi partikular na itinakda, bagaman maaari silang magkaroon ng agarang halaga sa komersyo at maging isang kanais-nais na bahagi ng huli. [Tumutukoy sa CFS]

O

organic differential (syn.: organic premium)

Ang dagdag na presyo na kailangang bayaran ng mamimili para sa organikong Fair Trade Certified na kape. Ito ay karagdagan sa Coffee Market o Pinakamababang presyo ng Fair Trade (aliman ang mas mataas) at ang Fair Trade Premium.

organikong produkto

Isang produkto na sertipikadong organiko at aprubado upang ibenta bilang organiko sa bansang pagbebentahan (hal., sa Estados Unidos: National Organic Program ng USDA).



Opisyal ng Fair Trade

Ang taong responsable sa pangkalahatang koordinasyon ng programa ng Fair Trade USA sa pabrika, ang mga proseso ng paghain ng hinaing at reklamo, at para sa pagpapalaganap ng mga kinakailangang komunikasyon. Ang Opisyal ng Fair Trade ay nagsisibing kinatawan ng pamahalaan ng FTC. [Tumutukoy sa Factory Standard].

Opisyal ng Pangkalusugan at Kaligtasan

Isang indibidwal na responsable sa kalusugan sa trabaho at mga usapin sa kaligtasan at ang sistema ng pamamahala ng kalusugan at kaligtasan. [Tumutukoy sa Factory]

outright priced contract (syn.: spot contract)

Isang kontrata kung saan ang presyo ng pagde-deliver ay naka-fix sa panahon ng pirmahan ng kontrata. [Tumutukoy sa Trade]

overfished

Isang stock na naabuso nang lampas na limitasyon na ang kasaganahan nito ay itinuturing na napakababa upang masiguro ang pagdami. Sa maraming pangisdaan, ang terminong ito ay ginagamit kapag ang biomass ay natantyang nasa mababang limit ng biological reference point na ginagamit bilang hudyat ng kondisyong overfished. Kapag overfished, ang stock ay kailangang palitan upang makamit ang angkop na antas at bilis ng rebuilding. Bagaman nagpalit na, ang stock ay maaaring manatili bilang overfished (kung ang biomass ay lubhang mababa sa napagkasunduang limit) para sa sandaling panahon kahit na ang pressure sa pangingsda ay nabawasan o napigilan. (Blackhart et al., 2006). [Tumutukoy sa CFS]

overfishing

Isang panlahat na termino na tumutukoy sa estado o katayuan ng stock na sumailalim sa isang antas ng fishing effort o fishing mortality na nakababawas sa effort na, sa medium term, ay hahatong sa pagdami ng kabuuang huli. Kadalasang tinatawag na overexploitation, nagreresulta ito sa magkasamang pagyabong ng overfishing at recruitment overfishing at kadalasang nagaganap kasabay ng ecosystem overfishing at economic overfishing. Para sa mga uring long-lived, ang overfishing (paggamit ng labis na effort) ay nagsisimula nang mas maaga pa bago ang stock maging overfished (FAO, n.d.). [Tumutukoy sa CFS]



P

pagbabago ng henetika (syn.: genetic engineering)

Isang termino na tumutukoy sa pagbabago ng halaman, hayop, o mikroorganismo gamit ang modernong teknolohiya gaya ng gene splicing, gene modification, recombinant DNA, o transgenic na teknolohiya. Pinahihintulutan nito ang pagpili sa mga indibidwal na hene na mailipat mula sa isang organismo tungo sa isa pa, pati na rin sa pagitan ng hindi magkaugnay na uri. Hindi kabilang sa ganitong paraan ang paggamit ng tradisyunal na pagpaparami, conjugation, fermentation, hybridization, in vitro fertilization, o tissue culture. [Tumutukoy s APS]

pagbibigay kapangyarihan

Ang proseso ng pagpapahusay ng kakayahan ng mga indibidwal o grupo upang makapamilya at maisakatuparan ang mga napili sa nais na aksyon at resulta. Sentro sa prosesong ito ay ang mga aksyon na nagtataguyod sa indibidwal at pangkalahatang ari-arian at mapabuti ang kahusayan at kabutihan sa konteksto ng organisasyon at institusyon na namamahala sa paggamit ng mga ari-ariang ito.

pagbubukod (syn.: hindi saklaw)

Isang pahintulot na ipinagkakaloob ng Fair Trade USA o isang awtorisadong Conformity Assessment Body para sa isang kumpanya na hindi lubos na sumunod sa isang partikular na pamantayan ng pagsunod o requirement, sa loob ng natukoy na saklaw.

pagpapanatili ng kita

Hindi nagbabagong kita at antas kung saan ang buong pamilya ay nakakamit ang mga pangunahing pangangailangan at matibay sa mga panlabas na istres at dagok sa merkado at paligid.

pagpoproseso

Sa konteksto ng lamang dagat, ang pagtanggap, paghahanda at pag-iiba ng lamang dagat, kabilang ngunit di-limitado sa, paglilinis, pag-eempake, pagluluto, paglalata, pagbuburo, pagpapa-usok, pagtutuyo, o pag-freeze. [Tumutukoy sa CFS]

pagsasara ng pagpupulong

Isang pagpupulong pagkatapos ng audit na kung saan ang (mga) auditor ay inilalahad ang mga audit findings sa May Hawak ng Sertipiko.



Pagsusuri ng Pangangailangan

Isang sistematikong pag-aaral, na pinangangasiwaan ng May Hawak ng Sertipiko, Fair Trade Committee at/o aplikante ng Fair Trade USA na tinutukoy ang mga pangangailangang panlipunan, pang-ekonomiya, at pang-kapaligirang pag-unlad ng mga maliilit na magsasaka, mangingisda, at/o manggagawa na kabilang sa saklaw ng sertipiko, at ng kanilang mga pamilya at komunidad. Ang Pagsusuri ng Pangangailangan ay ginagamit upang maipabatid ang pagprayoridad sa mga paggamitan ng Premium upang matugunan ang mga natukoy na mga pangangailangan. Ang Pagsusuri ng Pangangailangan ay maaaring gawin sa iba't-ibang paraan kabilang na ang pagsisiyasat, pakikipanayam, o pagpupulong kasama ang mga Premium Participant. Dapat kasama dito ang sampol na magkakaiba at kumakatawan sa mga Premium Participant.

pagtatasa ng peligro

Isang bahagi ng pamamahala ng peligro na binubuo ng lahat ng mga proseso na kaugnay sa pagtukoy, estimation, qualitative at quantitative na pagsusuri ng peligro upang makabuo at maipatupad ang mga istrategiya sa pagbabawas ng peligro. Sa konteksto ng pamantayang Fair Trade, tinutukoy ng pagtatasa ng peligro ang mga bahagi ng mga may peligro sa hindi pagsunod sa pamantayan na karapat-dapat pagtuunan sa Internal Management System. Tingnan din ang Internal Management System. [Tumutukoy sa APS, CFS]

pagtatasa ng stock

Ang proseso ng pagkolekta at pag-aaral ng biyolohikal at estatistikong impormasyon upang matukoy ang mga pagbabago sa dami ng stock ng isda bilang tugon sa pangangisda, at, hangga't maaari, upang matantya ang magiging dami ng stock sa hinaharap. Ang mga pagsusuri sa stock ay batay sa mga resource survey; kaalaman sa mga requirement ng tirahan, sa history ng uri, at pag-uugali; ang paggamit ng mga environmental indices upang matukoy ang epekto sa mga stock; at ang estatistiko ng mga huli. Ang mga pagsusuri ng stock ay ginagamit bilang batayan sa pagtatasa at pagtukoy sa kasalukyan at posibleng kalagayan sa hinaharap ng isang pangisdaan. (FAO, n.d.). [Tumutukoy sa CFS]

mga Pamantayan ng Magsasaka

Kabilang sa mga pamantayan ng magsasaka ng Fair Trade USA ang Pamantayan sa Produksiyong Pang-agrikultura, Capture Fisheries Standard, Pamantayang Pampabrika para sa mga Kasuotan at Gamit sa Bahay. Tinutukoy ng mga pamantayang ang mga requirement para sa mga magsasaka upang matiyak na ang mga produkto ay pinalalaki, inani at ginagawa alinsunod sa mga kasanayang may pananagutang panlipunan. Inaatasan ang mga Magsasaka na May Hawak ng Sertipiko na sumunod sa kanilang angkop na pamantayan ng magsasaka.



pamantayang Kritikal

Ang mga pamantayang Kritikal ay pinakamababang requirement para sa sertipikasyon sa ilalim ng Pamantayan sa Produksiyong Pang-Agrikultura (APS) ng Fair Trade USA. Ang mayorya ng pamantayang Kritikal ay dapat matugunan bago pa ang pagsusuri ng audit (Taon 0). Lahat ng natitirang pamantayang Kritikal ay dapat makamit sa loob ng itinakdang panahon, na may lubos na pagsunod sa lahat ng pamantayang Kritikal na kailangan, pinakamatagal na ang sa ika-6 na taon. Ang ilang pamantayang Kritikal ay dapat matugunan sa itinakdang kaayusan bilang karagdagan sa isang tinukoy na takdang panahon, bago o pagkatapos maipatupad ang iba pang kaugnay na pamantayan. Tingnan din ang pamantayan ng pagsunod, pamantayan ng Progreso. [Tumutukoy sa APS]

pamantayan sa pagsunod (PP)

Ang paglalarawan ng mga requirement sa isang pamantayan na umiiral, ibig sabihin ay ang mga ito ay kailangan alinman sa isang tiyak na oras, isang partikular na taon ng sertipikasyon o nakasaad sa isang pinakamahusay na kasanayan. Ang entity na sumasailalim sa sertipikasyon ay inaaasahang tuparin ang pamantayan sa pagsunod at ito ay sinusuri ng isang auditor na ayon sa mga naaangkop na panahon sa pamantayan ng pagsunod upang matukoy kung natupad ang pamantayan.

pamantayan sa pagsunod sa Pinakamahusay na Kasanayan (PK)

Opsyonal at hindi kailangan (kaagad o sa hinaharap) na pamantayan sa pagsunod sa pamantayan ng Fair Trade USA. Ang mga kaakibat na pamantayan ay hinihikayat na hangarin na matugunan ng entity sa paglipas ng panahon. Ang mga salitang “*pinakamahusay na kasanayan*” ay maaari ring tumukoy sa karagdagan, inirekomenda ngunit hindi umiiral na mga kasanayan sa bahagi ng Layunin at Paglilinaw ng dokumento ng pamantayan. [Tumutukoy sa APS]

Pamantayan sa Produksiyong Pang-Agrikultura (APS)

Ang Pamantayan ng Fair Trade USA na naaangkop sa mga gawaing pagsasaka.

pamantayang Progreso

Ang pamantayang progreso ay inilalarawan ang mga requirement sa tuloy-tuloy na pagpapabuti na dapat matugunan sa paglipas ng panahon, na ang lahat ng requirement na kailangan ay dapat tumugon sa ika-anim na taon. Ang bawat pamantayang Progreso ay may katumbas na bilang ng Puntos sa Progreso, na 1, 3, o 5. Upang masertipikahan sa ilalim ng Pamantayan sa Produksiyong Pang-Agrikultura (APS) ng Fair Trade USA, ang May Hawak ng Sertipiko ay dapat maka-ipon nang pinakamababang bilang ng Puntos sa Progreso, na tumataas sa paglipas ng panahon. Tingnan din ang pamantayang Kritikal at pamantayan sa pagsunod. [Tumutukoy sa APS]



pangalawang uri

Anumang hindi bycatch, pinananatiling uri na hindi kabilang sa saklaw ng sertipikasyon. Kabilang dito ang mga uri na ginagamit bilang pain sa pangisdaan, nahuli man ng mga mangingisda o binili sa ibang lugar, at lahat ng hindi pangunahing uri, pinananatili, kabilang na ang mga uring itinuturing bilang Nangananib or Protektado (kung kailangang panatilihin). [Tumutukoy sa CFS]

pangisdaan

Isang yunit na tinukoy ng isang awtoridad o ibang entity na nakikibahagi sa pag-aani ng isda. Kadalasan, ang yunit ay tinutukoy bilang ilan o lahat sa mga sumusunod: mga taong kasama, uri ng isda, lugar ng tubig o seabed, paraan ng pangingsda, klase ng bangka at layon ng mga aktibidad. (FAO, n.d.) [Tumutukoy sa CFS]

pangingisda

Anumang aktibidad, maliban sa siyentipikong pananaliksik, na kinabibilangan ng panghuhuli, pagkuha, o pag-ani ng lamang dagat; o anumang pagtatangkang gawin ito (Blackhart et al., 2006). Ang aktibidad ay maaaring gawin saan mang ecosystem na pandagat. [Tumutukoy sa CFS]

Pangkalahatang Pagtitipon

Isang pagtitipon ng lahat ng Fair Trade Premium Participant (mga magsasaka, mangingisda, at/o manggagawa na angkop na bumoto sa paggasta ng Premium). Ang Pangkalahatang Pagtitipon ay isang pagpupulong para sa pagpapasya sa paggasta ng Fair Trade Premium o iba pang mga usapin na may kaugnayan sa Fair Trade Committee at ng Plano ng Fair Trade Premium.

Pangunahing Pamantayan

Ang pamantayan na tinukoy bilang *Pangunahin* ay kumakatawan sa pinakamahalagang pag-uugali at panuntunan ng Fair Trade USA. Ang mga di-pagsunod sa anumang subset ng mga requirement ay maaaring magresulta sa desisyong isuspinde ang kontrata ng sertipikasyon hanggang masiguro ang pagsunod, o kahit hindi bigyan ng sertipikasyon sa programa, depende sa kalubhaan at lawak ng di-pagsunod. Ang mga di-pagsunod sa anumang indibidwal na pangunahing requirement ay itinuturing na lalong mabigat. [Tumutukoy sa Factory, CFS]

Pangunahing Uri

Anumang hindi bycatch, pinananatiling uri na iminungkahi sa saklaw ng aplikasyon para sa sertipikasyon. Ang mga Pangunahing uri ay hindi maaaring ituring bilang Nangananib o Protektado.



pansamantalang awtorisasyon sa pangangalakal

Isang nakasulat na patibay, na ibinibigay ng Fair Trade USA o isang aprubadong Conformity Assessment Body, kung saan pansamantalang binibigyan ng awtorisasyon ang isang entity upang mangalakal ng isang produkto sa ilalim ng tuntunin ng sertipikasyong Fair Trade USA. Ang awtorisasyon ay ibinibigay kasunod ng pagsusuri upang matiyak na ang sistema ay nasa lugar upang masiguro ang integridad ng (mga) produktong Fair Trade Certified na pinangangasiwaan ng nasabing entity.

pansamantalang manggagawa (syn.: seasonal worker)

Mga manggagawa na na-empleyo sa limitadong panahon kaugnay sa pagbabago sa pangangailangan sa paggawa sa magkakaibang panahon sa isang taon.

Sa ilalim ng Pamantayang Pampabrika para sa mga Kasuotan at Gamit sa Bahay (Factory Standard), ang isang pansamantalang manggagawa ay kinuha para sa naunang natukoy at napagkasunduang panahon na hindi tatagal ng 9 na buwan dahil sa pagbabago ng pangangailangan sa paggawa sa magkakaibang panahon sa isang taon. Maaaring magbigay ng mga benepisyo ngunit hindi palaging kapareho ng benepisyo ng mga permanenteng manggagawa o yung may mga fixed term na kontrata.

paratang

Isang pahayag o badya ng kahit sinong interesadong partido o stakeholder, na ang May Hawak ng Sertipiko, rehistradong kasosyo, o aplikante, ay lumabag sa mga requirement ng Pamantayan ng Fair Trade USA. Ang alinmang third party, tao, o entity na may personal na impormasyon tungkol sa sertipikadong mga entity ay maaaring maghain ng paratang sa Fair Trade USA.

paunang pondo

Ang pagkakaloob ng pondo para sa mga kontratang Fair Trade USA, upang tulongang mabayaran ang mga gastusin sa produksiyon bago ang delivery o pagtanggap ng produkto.

payment-share

Isang sistema kung saan ang kabayaraan sa mga mangingisda ay batay sa pamamahagi ng binagbentahang huli. Ang pababahagi ay nagbabago depende sa tungkulin ng mangingisda sa bangka, pati na rin kung aling partido ang nagbigay ng mga input gaya ng pagkain, gasolina, at yelo. Ang payment -share ay naiiba para sa mga sistema ng pasahod at sahod sa bawat trabaho. Ang payment-share ay ipinagbabawal sa mga manggagawang:

- Sa ilalim ng sistema ng pasahod, ang mga manggagawa ay binabayaran ng fixed sa bawat oras o araw na pinagkakasunduan bago magsimula ang trabaho. Ang mga manggagawa minsan ay kumikita rin ng productivity bonus bukod pa sa kanilang sahod.
- Sa ilalim ng sistemang sahod sa bawat trabaho, ang mga manggagawa ay binabayaan ayon sa kung gaano karami ang kanilang nagawa, halimbawa, ilang kilo ng isda ang kanilang naproseso. Ang presyo sa bawat dami ay pinagkakasunduan bago magsimula ang trabaho.



- Sa ilalim ng payment-share, ang mga mangingisda ay una nang sumasang-ayon sa kung anong bahagi ng pinagbentahan ang kanilang matatanggap. Ang eksaktong halaga ay hindi alam bago magsimula dahil ang mga mangingisda ay hindi pa alam kung gaano karami ang kanilang mahuhuli, o kung ano ang magiging presyo sa merkado. [Tumutukoy sa CFS]

permanenteng manggagawa

Manggagawang empleyo nang tuloy-tuloy, buong taon.

Sa ilalim ng Pamatayan sa Kasuotan at Gamit sa Bahay, ang isang permanenteng manggagawa ay may karapatan sa benepisyo.

Personal Protective Equipment (PPE)

Mga bagay na isinusuot upang mapaliit ang pagkalantad sa mga pinsala at sakit sa lugar ng trabaho na maaaring mag resulta sa pagdiit sa mga kemikal, radiological, pisikal, elektrikal, mekanikal or iba pang panganib sa trabaho. Kabilang dito ang anumang bagay na kailangang isuot ng Rehistradong Mangingisda, tripulante, o mangggawa para sa kanilang proteksyon. Ang PPE ay maaaring kasama ngunit hindi limitado sa damit, sapatos, proteksiyon sa mata at tenga, guwantes, mask, at mga personal flotation device.

pestisidyo

Mga pamantay-insekto, pamatay-amag, pamatay-damo, pamatay ng mikrobyo, at iba pang sangkap o halo ng mga sangkap na layong pigilan, puksain, o kontrolin ang anumang peste, kabilang ang mga hindi kanais-nais na uri ng halaman o hayop na nagiging sanhi ng pinsala habang o dili kaya ay nakagagambala sa produksiyon, pagpoproseso, pag-iimbak, pagbibiyahe, o pagkakalakal ng pagkain o mga pang-agrikulturang kalakal. Kabilang sa terminong ito ang mga sangkap na layong gamitin bilang plant growth regular, defoliant, dessicant, o sangakp sa pagbabawas ng bunga o ang pagpigil sa pagkalaglag ng mga bunga at mga sangkap na inilalagay sa mga pananim alinman sa bago mag-ani o pagka-ani upang maprotektahan ang mga produkto mula sa pagkasira habang naka-imbak at ibinibiyahe. Ang mga pestisidyo ay maaaring sintetiko o natural, at kabilang iyong mga aprubadong gamitin sa organikong pagtatanim. [Tumutukoy sa APS]

pinabayaang kagamitan sa pangingsda

Ang pinabayaang kagamitan sa pangingsda, minsang tinatawag na *ghost gear*, ay anumang itinapon, nawala, o inabandonang mga kagamitan sa pangingsda sa karagatan. Ang mga ito ay patuloy na nakahuhuli ng isda at mga hayop, nakasasalabid at potensyal na makapatay ng mga buhay sa dagat, matakpan ang mga tirahan, at magdulot ng panganib sa paglalayag. [Tumutukoy sa CFS]



pinahusay na pangisdaan

Isang pangisdaan kung saan ang lifecycle ng mga uri ng akwatiko ay may interbensyon ng tao, kabilang ang artipisyal na pangangitlog, pagpapahusay ng tirahan, at/o pagpapakain bago anihin. Ang mga interbensyon ay humahantong sa pagtaas ng kabuuang produksiyon ng piling uri, na hindi mabubuhay sa natural na proseso. Ang pinahusay na pangisdaan ay bukas sa publiko bilang mapagkukunan ng lahat. [Tumutukoy sa CFS]

Pinakamababang Presyo ng Fair Trade (FTMP)

Ang pinakamababang presyo na dapat ibayad ng mga mamimili sa magsasaka para sa produktong Fair Trade Certified, hindi kasama ang anumang karagdagang Fair Trade Premium. Kung saan naaangkop, ang Pinakamababang Presyo ng Fair Trade ay kumakatawan sa pormal na safety net na nagpoprotekta sa mga magsasaka kapag ang presyo sa merkado ay mababa sa Pinakamababang Presyo ng Fair Trade. Ang presyong ibinayad sa magsasaka ay hindi maaaring mas mababa sa Pinakamababang Presyo ng Fair Trade o ang relevant market price, kung alinman ang mas mataas. Hindi lahat ng produkto ay may Pinakamababang Presyo ng Fair Trade. Tinutukoy ng Fair Trade USA Price at Premium Database ang Pinakamababang Presyo ng Fair Trade para sa nauugnay na produkto. Tingnan din ang relevant market price.

pinananatiling mga uri

Mga uri na nakasama sa huli na hindi tinatangal, kadalasan ay dahil sa kanilang komersiyal na halaga o regulasyon ng pamamahala. [Tumutukoy sa CFS]

Plano ng Fair Trade Premium (syn.: Plano ng Premium, Work Plan ng Fair Trade Premium)

Isang nakasulat na plano na ginawa ng Fair Trade Committee na binalangkas ang layunin, takdang panahon, at aktibidad para sa anumang paggamit ng Fair Trade Premium. Ang Plano ng Fair Trade ay naglalaman ng badyet batay sa mga inaasahang kita ng Fair Trade Premium, at kinabibilangan ng isang prioritized at detalyadong listahan ng mga proyekto at pamumuhunan na tumutugon sa mga tinukoy na pangangailangan at isang listahan ng anumang iba pang gastusin kung saan ang Premium ay gagamitin. Ang Plano ng Fair Trade Premium ay inaprubahan ng karamihan sa mga Premium Participant sa Pangkalahatang Pagtitipon.



Precautionary Approach to Fisheries (PAF)

Isang hanay ng cost-effective na hakbang at aksiyon na kailangan upang ipatupad ang prinsipyong Precautionary. Kabilang dito ang pagsasaalang-alang ng mga di-katiyakan sa mga sistema ng pangisdaan at ang pangangailangan na kumilos na hindi kumpleto ang kaalaman. Kailangan nito, bukod pa sa mga ibang bagay ay ang: (i) pagsasaalang-alang ng mga pangangailangan ng mga henerasyon sa hinaharap at ang pag-iwas sa mga pagbabago na potensiyal na di maibalik sa dati; (ii) paunang pagtukoy sa mga di-kanais-nais na resulta at ng mga hakbang na mag-iwas dito o magwawasto dito; (iii) ang anumang kinakailangang pagwawasto ay ginagawa nang walang pagka-antala, at kanilang mabilis na makamit ang kanilang layunin, na hindi lalampas sa dalawa o talong dekada; (iv) na ang malamang na epekto ng pagggamit ng yaman sa tubig o isda ay di-tiyak, dapat bigyang prayoridad ang pangangalaga sa kapasidad ng pagpaparami ng mga ito; (v) na ang kapasidad sa pag-aani at pagpoproseso ay dapat katumbas ng tinatayang antas ng pagpapanatili ng yaman sa tubig, at ang paglaki ng kapasidad ay dapat nasisiguro kapag ang pagiging produktibo ng mga ito ay hindi tiyak; (vi) lahat ng aktibidad sa pangisda ay dapat may naunang awtorisasyon ng pamahalaan at isasailalim sa periodic review; (viii) ang isang establisadong ligal at institusyunal na framework sa pamamahala ng pangisdaan, kung saan ang mga plano ng pamahalaan na nagpapatupad ng mga puntos na ito ay naitatag na sa bawat pangisdaan, at (ix) ang naaangkop na pagpapatunay sa pamamagitan ng pagsunod sa mga nabanggit na requirement (FAO, 1996, para 6). [Tumutukoy sa CFS]

(mga) Premium Participant

Ang grupo ng maliliit na magsasaka, mangingisda, manggagawa, at/o mga miyembro ng kooperatiba na angkop na maghalal ng isa o higit pa na mga Fair Trade Committee upang mamahala ng paggamit ng Fair Trade Premium. Ang mga Premium Participant at kanilang mga pamilya ang pangunahin at direktang benepisyaryo ng Fair Trade Premium. Ang mga taong kabilang sa grupo ay nag-iiba ayon sa uri ng patakaran at laki ng entity.

Productivity and Susceptibility Analysis (PSA)

Isang paraan upang masuri ang peligro ng overfishing sa anumang uri batay sa mga natukoy na katangian, kahit sa sitwasyong kapos sa datos. Ang Fair Trade USA PSA ay isinasama (1) ang “Productivity Attributes and Scores” table mula sa Monterey Bay Aquarium na Seafood Watch Criteria for Fisheries, Criterion 1, Factor 1.1 (Version F3.2 December 9, 2016, p. 9.), at (2) ang “Susceptibility Attributes and Scores” table mula sa Marine Stewardship Council na Certification Requirements and Guidance, Annex PF: Risk-Based Framework (Version 2.0 October 2014, p. 81). [Tumutukoy sa CFS]

produkto

Tinutukoy nito ang parehong mga produkto na nagtataglay ng mga sangkap na Fair Trade Certified at mga nag-iisang sangkap na nilalayong ipagbili sa huling mamimili bilang Fair Trade Certified (iyon ay, cocoa, asukal, atbp.) sa anumang yugto ng supply chain. Saklaw ng salita ang lahat ng produkto, sangkap, at bahagi ng mga huling produkto at kabilang ang (ngunit hindi limitado sa) mga produktong pang-agrikultura, pagkaing-dagat, at kasuotan at gamit sa bahay.



protektadong lugar

Isang malinaw na kinilalang lugar na inilaan at pinamamahalaan sa pamamagitan ng ligal o epektibong paraan upang makamit ang pangmatagalang konserbasyon ng kalikasan na may kaakibat na ecosystem, internasyonal na serbisyo at cultural values. Ang mga protektadong lugar ay maaaring italaga ng gobyerno, internasyonal na kasunduan, o pribadong nilikha. Kabilang sa mga nasabing lugar ang mga pambansang parke, at mga forest at marine reserve. [Tumutukoy sa APS, CFS]

R

recruiter (syn.: labor broker)

Isang indibidwal na tagapangasiwa ng mga trabaho sa pagitan ng mga manggagawa at mga magiging employer. Ang mga recruiter ay maaaring direktang empleyo o isang tagapamagitan o third party gaya ng isang labor broker o recruitment agency.

reklamo

Isang pormal na pahayag ng pagdaramdam ng isang tao o entity kaugnay sa mga aktibidad ng Fair Trade USA o ng isang third party sa ngalan ng Fair Trade USA, gaya ng sa Conformity Assessment Body. Ang tugon sa reklamo ay inaasahan.

(mga) Rehistradong lugar

Ang kabuuang listahan ng Maliit, Katamtamang laki at/o Malaking mga lugar, sakahan o pasilidad, na kasama sa ilalim ng saklaw ng sertipiko. Lahat ng rehistradong mga lugar ay una nang tinukoy ng CAB, at ang mga ito ay napatunayan sa panahon ng onsite audit. [Tumutukoy sa APS]

(mga) Rehistradong Maliliit na Magsasaka

Ang kabuuang listahan ng mga maliliit na magsasaka na tinukoy ng CAB na nasa saklaw ng sertipiko. Ang maliit na magsasaka ay tumutukoy sa mga tagapamahala sa isang Maliit na Sakahan na isang Premium Participant. [Tumutukoy sa APS]

relevant market price

Ang presyo na itinakda ng nauukol na organisasyon sa merkado (LIFFE/ICE) para sa kape at kakaw. Para sa detalye, tingnan ang Special Price and Premium Terms ng Fair Trade USA.

Restricted Materials List

Isang listahan ng mga sangkap na hindi maaaring gamitin sa paggawa ng mga produktong Fair Trade Certified. [Tumutukoy sa Factory]



retro-certification (syn.: retroactive na sertipikasyon)

Isang transaksyon sa negosyo na kung saan ang Nagbabayad ng Fair Trade ay bumibili ng produkto mula sa magsasaka o tagaluwas na Fair Trade Certified sa ilalim ng kondisyong hindi Fair Trade USA at sa mga susunod na mga araw ay gagawin itong produktong Fair Trade Certified. Upang gawin ito, ang Nagbabayad ay dapat magbigay ng Fair Trade Premium at anumang kinakailangang Fair Trade Adjustment at magpakita ng ebidensya sa Fair Trade USA na tama ang ibinayad. Sa limitadong mga kaso na may naunang pag-apruba mula sa Fair Trade USA, ang mga Nagbabayad ng Fair Trade ay maaaring patuloy na gumamit ng retro-certification para sa mga transaksyong Fair Trade USA. Systemic retro-certification ang tawag dito.

S

sahod

Ang bayad na natanggap para sa isang karaniwang (48 oras) linggo ng trabaho, ng isang manggagawa sa isang partikular na lugar na sapat upang mabigyan ng disenteng pamumuhay ang manggagawa at kanyang pamilya. Kabilang sa batayan ng disenteng pamumuhay ang pagkain, tubig, pabahay, edukasyon, pangkalusugang pangangalaga, transportasyon, damit, at iba pang mga pangangailangan kabilang ang pantustos para sa di-inaasahang mga pangyayari.

sahod sa bawat trabaho

Isang sistema ng pagbabayad batay sa pagiging produktibo kung saan ang mga manggagawa ay binabayaran ng fixed na presyo sa bawat yunit ng produksiyon at/o bawat trabahong ginawa (gaya ng pagpoproseso). Ang uri ng trabahong ito ay kadalasang tinutukoy na sahod sa bawat trabaho.

sangkap

anumang material, kabilang na ang additive, na ginamit sa paggawa o paghahanda ng isang pagkain at nasa final na produkto, bagaman posibleng nabago o binago ang anyo nito. [Tumutukoy sa Trade]

sasakyang pandagat

Anumang barko, bangka o iba pang bapor na na may kagamitan at ginagamit upang isagawa ang anumang pangngisda o bilang suporta sa naturang aktibidad (FAO), anuman ang paraan ng pagmamay-ari. Ang mga halimbawa ng mga aktibidad na sumusuporta sa pangngisda ay ang, ngunit hindi limitado sa pag-iimbak, pagpapalamig, pagbibyahe, at pagpoproseso. [Tumutukoy sa CFS]

secondary na produkto

Isang produkto na mula sa isang proseso ng produksiyon, bukod pa sa pangunahing produkto. Ang secondary na produkto ay maaaring direktang gamitin, o bilang sangkap sa ibang proseso ng produksiyon, itapon, o i-recycle. Ang isang secondary na produkto ay maaaring by-product, isang co-product o latak. [Tumutukoy sa Special Price and Premium Terms]



sertipikasyon (syn.: katiyakan, pagpapatunay) (assurance, verification)

Ang proseso ng pag-audit at pag-uulat na kung saan tinutukoy ang pagsunod sa mga pamantayan ng Fair Trade USA at pamantayan ng pagsunod.

Sertipiko (syn.: Certificate of Eligibility)

Isang panlahat na salita na kabilang ang lahat ng paraan ng pagpapabatid na ang kumpanya, isang entity, o isang particular na tambak ng (mga) produkto na nagpakita ng katuparan ng mga partikular na mga requirement sa loob ng Pamantayang Fair Trade USA.

Social Engagement Team (SET)

Isang grupo ng napiling mga kinatawan ng manggagawa na tumutulong upang masiguro ang kamalayan at pagiging epektibo ng mga pamamaraan ng paghahain ng karaingan, sistema ng pagmumungkahi, at iba pang mga pamamaraan upang mapadali ang transparency at komunikasyon sa pagitan ng mga manggagawa at pamahalaan. [Tumutukoy sa APS]

Spawning Potential Ratio (SPR)

Ang bilang ng mga itlog na maaaring magawa ng pangkaraniwang recruit sa isang fished stock na hahatiin sa bilang ng mga itlog na maaaring magawa ng pangkaraniwang recruit sa unfished stock. Ang SPR ay maaari ring maipakita bilang spawning stock biomass per recruit (SSBR) ng isang fished stock na hahatiin sa SSBR ng stock bago ito nahuli. (Blackhart et al., 2006). [Tumutukoy sa CFS]

stock

Ang nabubuhay na yaman sa tubig o isda sa komunidad o populasyon na kung saan ang mga nahuli ay dinadala sa pangisdaan. Ang paggamit ng terminong fish stock ay karaniwang nagpapahiwatig na ang partikular na populasyon ay mahigit kumulang na hiwalay sa ibang populasyon ng kaparehong uri at samakatuwid ay naitataguyod ang sarili (isang natatanging biyolohikal na yunit). (FAO, n.d.). [Tumutukoy sa CFS]

Subcontractor

Isang indibidwal o kumpanya na hindi pinamamahalaan o kinokontrol ng May Hawak ng Sertipiko na walang ligal na pagmamay-ari ng produktong Fair Trade Certified ngunit nagbibigay ng serbisyo sa pagpoproseso, pag-eempake o pagbabago ng produkto.

sugnay ng exclusivity

Isang detalye sa kontrata ng pagbili na pumipigil sa magsasaka upang maibenta sa ibang mamimili sa labas ng sugnay.



suspensyon

Isang katayuan ng sertipikasyon kung saan ang mga pagbenta at pagbili ng mga produktong Fair Trade Certified ng isang entity ay pinaghihigpitan. Ang mga patakaran na dapat sundin sa panahon ng suspensyon ay inilalatag ng pamantayang Fair Trade USA para sa bawat uri ng entity. Ito ay nagaganap lamang kapag inisyal na nasertipikahan ang entity.

T

(mga) target na uri

Ang mga uri na pangunahing hinahangad ng mga mangigisda sa isang partikular na pangisdaan. Ito ang punto ng mga pagsisikap sa isang pangisdaan. (Blackhart et al., 2006). [Tumutukoy sa CFS]

target reference point

Tumutukoy sa isang kalagayan ng isang pangisdaan at/o isang mapagkukunan na kung saan ito ay itinuturing na kanais-nais at napananatili. Ang aksyon ng pamahalaan, maging sa pagpapaunlad ng pangisdaan o sa programa ng pagpaparami ng stock ay dapat layon ang pagbibigay at pagpapanatili ng sistema ng pangisdaan sa antas na ito. Kadalasan ang isang target reference point ay ipinahahayag sa antas na kanais-nais na output para sa pangisdaan (hal., sa huli) o sa pagsisikap o kapasidad ng pangisda at makita bilang isang malinaw na layunin sa pamamahala para sa pangisdaan. (FAO, n.d.). [Tumutukoy sa CFS]

tinanggal ang sertipikasyon

Isang proseso kung saan ang ang sertipiko ng Fair Trade ng kliyente ay tatanggalin o babawiin ng Conformity Assessment Body o Fair Trade USA kapag ang mga natitirang hindi pagsunod ay hindi hustong natugunan. Kung gayon, ang mga kliyente ay hindi na maaaring magbenta ng produktong Fair Trade simula sa petsa ng pagkatanggal ng sertipikasyon, kahit na sa pagtupad ng kontrata na nalagdaan na. Ang entity na tinanggalan ng sertipiko ay maaaring kusang mag-apply muli sa programa at muling magsimula ng proseso ng sertipikasyon.

Total Allowable Catch (TAC)

Ang kabuuang huli na pinahihintulutan mula sa pinagkukunan sa isang tinukoy na panahon (kadalasan ay isang taon), bilang itinakda sa plano ng pamamahala. Ang TAC ay maaaring ilaan sa mga stakeholder bilang mga quota na may tiyak na dami o proporsyon. (FAO, n.d.). [Tumutukoy sa CFS]



traceability

Ang kakayahang masubaybayan ang nangyari, aplikasyon at/o lokasyon ng isang produkto, na masisisguro na ang produkto ay mula sa sertipikadong pinagkunan. Ang pisikal na traceability ay isang sistema kung saan ang mga produktong Fair Trade Certified ay minarkahan at inihwalay mula sa mga produktong hindi Fair Trade Certified sa bawat isang hakbang ng produksiyon at pagpoproseso upang masiguro ang traceability.

Trade Standard

Tinutukoy ng Trade Standard ang mga requirement para sa pagsali ng mga mangangalakal sa sertipikasyon ng Fair Trade USA. Nilalayan nitong siguruhin na nanatiling buo ang integridad ng produkto, mula sa bukid, pabrika, o palaisdaan papunta sa mga mamimili, at na ang mga nilalayong benepisyo, tulad ng Premium ng Fair Trade at Pinakamababang Presyo ng Premium ng Fair Trade ay nakakaabot sa mga magsasaka. Naaangkop ito sa lahat ng mangangalakal sa buong mundo na namimili at nagbebenta ng mga produktong Fair Trade Certified na nagmula sa mga magsasaka na sertipikado sa Fair Trade USA at mga pamantayan sa produksiyon ng Fairtrade International. Naaangkop ang Trade Standard sa lahat ng produktong Fair Trade Certified, kabilang ang mga produktong pang-agrikultura, pagkaing-dagat, at kasuotan at gamit sa bahay. Tinutukoy ang mga mangangalakal na sertipikado sa Trade Standard bilang Mga Lisensyado.

Trainee

Manggagawang kinuha sa ilalim ng pamamaraang probationary o apprenticeship upang sumailalim sa pagsasanay para sa isang partikular na trabaho. Ang katayuan ng trainee ay maaaring may benepisyo o sahod sa bawat trabaho (ang pinakamababang sahod ay dapat matugunan) at hindi lalampas sa 3 buwan, kung saan may patuloy na pagsasanay at transparent na pagsusuri ng kakayahan na kung saan magdedesisyon kung maha-hire. [Tumutukoy sa Factory Standard]

transfer vessel

Isang sasakyang pandagat na hindi ginagamit sa mga komersyal na pangingsda ngunit ginagamit bilang suporta sa mga ito sa pamamagitan ng pag-iimbak ng mga lamang dagat at/o pagbibyahe ng mga lamang dagat o mga mangingsda sa mga sasakyang pandagat, daungan at/o pasilidad ng pagpoproseso o pag-eempake. Kabilang dito ang mga mother vessel at freezer vessel. [Tumutukoy sa CFS]

tripulante

Mga indibidwal na direktang kabilang sa paghuli ng mga lamang dagat, o mga indibidwal na hindi nanghuhuli ng lamang dagat, ngunit lumalahok sa mga pangkalahatang pagpapatakbo ng barko (hal., mga taga-luto, mga taga-tingin, mga inhinyero, atbp.). Ang mga tripulante ay eksklusibong nagtatrabaho sa loob ng barko, o nangingisda sa baybayin. Sila ay maaaring pinasasahod na empleyado, o kumikita sa ilalim ng payment-share batay sa huli. [Tumutukoy sa CFS]



unang mamimili

Ang unang mamimili ay ang mangangalakal na bumibili nang direkta mula sa May Hawak ng Sertipiko ng isang Sertipiko ng magsasaka na ini-issue ng Fair Trade USA o isang aprubadong taga-sertipika. Posible rin na ang unang mamimili ay ang Nagbabayad ng Fair Trade Price at/o Premium o Conveyor. Tina-target ang mga naaangkop na kinakailangan sa mga unang mamimili sa mga gawi at relasyon sa pangangalakal ng mga entity na bumibili nang direkta mula sa mga magsasaka ng patas na kalakalan, at hindi naaangkop sa mga mangangalakal sa ibayo pa ng supply chain. [Tumutukoy sa Trade]

Y

yunit ng pamamahala

Isang lugar o grupo ng maramihang lugar, gaya ng sakahan at pasilidad, na pag-aari, pinamamahalaan, o pinatatakbo ng parehong indibidwal, kumpanya, o organisasyon.



Mga Sanggunian

- (FAO), F. a. (n.d.). *Annex 1. Glossary*. Retrieved from <http://www.fao.org/docrep/006/y8705e/y8705e07.htm#TopOfPage>
- American Apparel & Footwear Association. (n.d.). *Restricted Substances List*. Retrieved from <https://www.wewear.org/industry-resources/restricted-substances-list/>
- Anker, R., & Anker, M. (2016, March 17). *A Shared Approach to Estimating Living Wages*. Retrieved from ISEAL: Global Living Wage Coalition Anker Methodology: <http://www.isealalliance.org/online-community/resources/global-living-wage-coalition-anker-methodology>
- Association for Temperate Agroforestry. (n.d.). *About: What is Agroforestry*. Retrieved from Association for Temperate Agroforestry: <http://www.aftaweb.org/about/what-is-agroforestry.html>
- Convention on Biological Diversity. (n.d.). *The Convention*. Retrieved from Article 2. Use of Terms: <https://www.cbd.int/convention/articles/default.shtml?a=cbd-02>
- Fernandez-Comejo, J., Wechsler, J., Livingston, M., & Mitchell, L. (2014). *Genetically Engineered Crops in the United States*. Retrieved from United States Department of Agriculture.
- Guzy, M., Jepson, P., Mineau, P., & Kegley, S. (2014). Retrieved from Pesticide Risk Mitigation Engine: <http://ipmPRIME.org>
- International Labour Organization (ILO). (n.d.). Retrieved from <http://www.ilo.org/global/topics/freedom-of-association-and-the-right-to-collective-bargaining/lang--en/index.htm>
- International Labour Organization. (2007, June 14). *C188 - Work in Fishing Convention*. Retrieved from Labour Standards: http://www.ilo.org/dyn/normlex/en/f?p=NORMLEXPUB:12100:0::NO::P12100_ILO_CODE:C188
- International Labour Organization. (2010, July 28). *List of ILO Core Conventions*. Retrieved from http://www.ilo.org/wcmsp5/groups/public/---asia/---ro-bangkok/---ilo-islamabad/documents/policy/wcms_143046.pdf
- International Union for Conservation of Nature . (n.d.). *IUCN Definitions - English*. Retrieved from https://www.iucn.org/downloads/en_iucn_glossary_definitions.pdf
- IPM Institue of North America*. (2013, October 1). Retrieved from What is Integrated Pest Management?: <http://www.ipmcenters.org/Docs/IPMRoadMap.pdf>
- ISEAL. (2015, January 16). *ISEAL Glossary of Terms*. Retrieved from <http://www.isealalliance.org/online-community/resources/iseal-glossary-of-terms>
- Roundtable on Sustainable Biomaterials. (2010, May 11). *General Documents*. Retrieved from RSB: Roundtable on Sustianable Biomaterials.
- Rules and Regulations for FLCs*. (n.d.). Retrieved from State of California Department of Industrial Relations: http://www.dir.ca.gov/dlse/Rules_and_Regulations_for_FLCs.htm
- The Incoterms® rules*. (2010). Retrieved from International Chamber of Commerce: <http://www.iccwbo.org/products-and-services/trade-facilitation/incoterms-2010/the-incoterms-rules/>



United Nations Office on Drugs and Crime. (n.d.). *Human Trafficking*. Retrieved from <https://www.unodc.org/unodc/en/human-trafficking/what-is-human-trafficking.html>

Washington State Department of Labor & Industries. (n.d.). *Farm Labor Contractor Licensing*. Retrieved from Workplace Rights: <http://lni.wa.gov/WorkplaceRights/Agriculture/FarmLabor/GetLicensed/default.asp>

What is GMO? (2016). Retrieved from NonGMO Project: <https://www.nongmoproject.org/gmo-facts/what-is-gmo/>

World Bank. (n.d.). *PovertyNet*. Retrieved from Empowerment: <http://web.worldbank.org/WBSITE/EXTERNAL/TOPICS/EXTPOVERTY/EXTEMPOWERMENT/0,,contentMDK:20245753~pagePK:210058~piPK:210062~theSitePK:486411,00.html>

